

## Abiso ukol sa Isahang Beses na Koleksiyon ng Basurang Baterya at iba pang uri nito

### 【Mga Pagbabago】

• Magsisimula sa Hulyo 2022 ang isahang beses na koleksiyon ng basurang baterya at iba pang uri nito.

※ Uri ng baterya : alkaline battery, lithiated manganese dioxide (LMD) battery, lithium battery, button type battery, at compact rechargeable battery.

• Isang beses sa isang linggo, kasabay sa araw ng pagkolekta ng basurang lalagyan / paketeng yari sa plastik, bilang alituntunin ay kokolektahin ang mga ito mula sa bawat bahay.

### 【Layunin】

Tumataas ang kaso ng sunog dahil sa mga lithium ion battery atbp na nakahalo sa non-combustible at malalaking basura habang pinuproseso ito. Sa pamamagitan ng isahang beses na koleksiyon ay maiiwasan ang sunog at maisasagawa ang ligtas na koleksiyon ng basura.

### 【Paraan ng Pagtatapon】

• Ilagay sa transparent / semitransparent na supot na makikita ang laman nito.

※ Huwag gumamit ng itinakdang plastik na supot ng recyclable garbage ng lungsod ng Nagoya.





### 【Pakiusap】

• Maaaring maging dahilan ng sunog kung paghahaluin sa pagtatapon ang baterya at ang basurang lalagyan / paketeng yari sa plastik. Tiyakin na maihihiwalay ang paglalagyang supot ng itatapong baterya at basurang lalagyan / paketeng yari sa plastik.

• Sa pagtatapon naman ng lithium battery, button type battery, at compact rechargeable battery, ay takpan ng cellophane tape atbp ang positive at negative na bahagi nito at ihiwalay ito sa ibang basura.

• Ang automotive battery atbp na mga lead storage battery ay hindi kasama sa mga kokolektahin.

## Isahang Beses na Koleksiyon ng Basurang Baterya at iba pang uri nito

Uri	Sa kasalukuyan	Pagbabago (Simula Hulyo 2022)
Alkaline Battery Lithiated Manganese Dioxide (LMD) Battery 	Basurang hindi nasusunog	Uri ng Baterya (bago)  ※Ilagay ito sa transparent o semitransparent na supot  ※Isang beses sa isang linggo, kasabay sa araw ng pagkolekta ng basurang lalagyan / paketeng yari sa plastik at kokolektahin mula sa bawat bahay.
Lithium Battery (non-rechargeable) 	Mga bagay na madaling magliyab at mapanganib	
Button Type Battery 	Ilalagay ang mga button type battery sa latang lalagyan nito. (Mayroong naka-set na paglalagyan nito sa home appliances shop at sa home center at iba pa) (※ Paalala)	
Compact Rechargeable Battery (lithium ion battery, nickel-cadmium battery, nickel-metal hydride battery na may 3-arrow mark) 	Dalhin sa collection site. (Sa Environmental Works Offices, home appliances shop at iba pa) (※ Paalala)	

※Paalala : Wala pa ring pagbabago sa collection site mula Hulyo 2022.